

(タガログ語)

郵便局に転居届を出しましょう

Ipaalam ang bagong tirahan sa post office

Kung ang isang taong lumisan ay mayroon nang bagong tirahan, magsadya sa post office at ispasa ang *Tenkyo Todoke* (Report ng paglipat ng tirahan).

Kung ipapasa ito, kahit na ang dating tirahan ang nakalagay sa mga sulat, ipapadala ito sa bagong tirahan ng libre, sa loob ng 1 taon. Kung ang bagong tirahan ay nasa loob ng bansang Hapon, ipapadala ang sulat o anu pa man sa kahit anumang tirahan (kahit paaralan o simbahan).

Ang mga munisipalidad ay magpapadala ng mga documento para sa aplikasyon ng pagtanggap ng *gienkin* (public donation) o pag-aplay sa *Risaishoumeisho* (Sertipiko na nagpapatunay na kayo ay isang biktima ng sakuna). Kung mayroon ng bagong tirahan, siguraduhing ipaalam ito sa post office.

Makakuha ng application form ng *Tenkyo Todoke* (Report ng paglipat ng tirahan) sa kahit saang post office na malapit sa inyong tirahan. Maari din mag-aplay sa pamamagitan ng website. (Wikang Hapon lamang ang website.) (<http://welcometown.post.japanpost.jp/etn/>)

○Ang mga kailangang papeles para sa pag-report ng paglipat ng tirahan sa post office.

1. Alien Card, lisensya sa pagmamaneho, o iba't ibang dokumento na nagpapatunay ng inyong katauhan (tulad ng health insurance card)
2. Ang mga dokumento na nagpapatunay ng dating tirahan na bigay ng isang publikong tanggapan, tulad ng Alien Card, lisensya sa pagmamaneho, o pasaporte.

○Kailangang impormasyon para sa *Tenkyo Todoke* (Report ng paglipat ng tirahan)

1. Araw na lilipat (o lumipat)
2. Araw ng simula ng pagpapadala ng mga sulat sa bagong tirahan.
3. Dating tirahan (Tirahan bago lumipat)
4. Pangalan ng mga lumilipat
5. Kung mayroon o walang mga tao na tuluyang nanirahan sa dating tirahan, at kung mayroon man, ang bilang ng mga taong tuluyang nanirahan sa dating tirahan.
6. Bagong tirahan
7. Pangalan ng taong magpapasa ng report at relasyon nito sa mga lilipat, o pamilya.

Ang report ng paglipat ng tirahan sa post office ay walang kaugnayan sa report ng paglipat ng tirahan sa alien registration.